
***Kaguruan Kabalaybay: Dalumat sa Wika, Panitikan, at Araling Pangkultura sa Bagong Normal***

***Pinangunahan ng Sentro ng Wika at Kultura-Rehiyon IV-A at Opisina ng Kalinangan at Sining, ng BatStateU ang isang palihan ukol sa pagtuturo ng wikang Filipino.***




Sa tatlong araw na *online* palihan, natutuo ang mga kalahok na mula sa iba't ibang pribado at pampublikong paraalang Elementarya, Sekondarya at Kolehiyo sa Rehiyon IV ng makabagong paraan ng pagtuturo ng wika gamit ang teknolohiya. Ito ay pinanguhan ng Vice Chancellor, Research, Development and Extension Services ng BatStateU Pablo Borbon Campus, Assistant Professor sa College of Arts and Sciences, at Head ng Social Innovation Research Center Gng. Vaberlie P. Mandane-Garcia.

Ito ay matapos talakayin ng Chairperson ng Arts Research and Training Institute in Southern Tagalog, Inc. o ARTIST, Inc. Ginang Ricamela S. Palis tungkol sa ibat ibang uri ng panitikan na may paksang "Kasaysayan: Batis ng Panitikan" sa unang araw.




Sa ikatlo at huling araw, binigyan ng pagkakataon ang mga kalahok na gamitin ang kanilang mga natutunan mula sa una at pangalawang araw ng palihan. Nagkaroon ang mga ito ng sama-samang gawain kung saan ang mga kalahok ay magsasagawa ng pakitang-turo o *practice demo*.

Isinagawa ang palihan bilang bahagi ng pagdiriwang ng wikang pambansa ngayong Agosto 2022.

